BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Ipinagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Araw ng Paggunita

BRAMPTON, ON (Oktubre 29, 2021) – Ipagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang Araw ng Paggunita 2021 (Remembrance Day 2021) online at sa personal sa Nobyembre 11, kasama ang Royal Canadian Legion.

**Paglulunsad ng Kampanyang Poppy**
Ang Kampanyang Poppy ng Royal Canadian Legion ay magaganap mula Oktubre 29 hanggang Nobyembre 11. Ang taon na ito ay nagdidiriwang sa ika-100 taong anibersaryo ng paggamit sa poppy bilang simbolo ng Paggunita sa Canada.

Naganap ang pagtaas ng watawat sa Ken Whillans Square sa araw na ito bilang pagsisimula ng kampanya. Ang mga pondong malilikom mula sa kampanya ay direktang susuporta sa naglilingkod at retiradong mga beterano ng Canada at kanilang mga pamilya, habang nakakatulong na tiyakin na hinding-hindi malilimutan ng mga Canadian ang matindng mga pagsisikap ng mga  nag-serve. Ang mga donasyon ay maaaring isagawa sa mga lokasyon sa Brampton.

**Parada at Serbisyo sa Paggunita**
Nobyembre 11 – 10:30 am
brampton.ca/bramptonremembers

Si Mayor Brown at ang mga miyembro ng Konseho ay sasali sa Royal Canadian Legion sa isang prosesyon para maglagay ng isang wreath sa ngalan ng buong Lungsod ng Brampton. Kabibilangan ang seremonya ng March, Roll at Fly bilang saludo sa mga beterano. Ang Brampton ay isa sa iilang komunidad, sa labas ng Ottawa, na nagsasagawa ng March Past, Roll Past, at Fly Past sa kaparehong Parada.

Ang mga Beterano ng Brampton at ang mga gumawa ng pinakamalaking sakripisyo ay pararangalan din sa webpage ng Brampton Remembers ng Lungsod at ang mga watawat sa lahat ng mga pasilidad ng Lungsod ay itataas sa kalahati ng pole (half-mast).

Magla-live ang event web page sa Nobyembre 11 sa 10 am, na nagtatampok ng isang live-stream service kabilang ang Sandali ng Katahimikan at Paglalagay ng mga Wreath. Bilang pasasalamat sa mga beterano ng Brampton, muli magsasabit ang Lungsod ng mga bandereta sa kahabaan ng Main Street at Queen Street sa downtown Brampton.

**Mga Quote**

"Hinihikayat ko ang lahat na bumili ng poppy sa taon na ito para magbigay ng pasasalamat sa mga matatapang na kalalakihan at kababaehan na naglingkod para sa ating bansa. Sa Nobyembre 11, pararangalan ng Lungsod ang mga Beterano ng Digmaan, at ang mga gumawa ng pinakamalaking sakripisyo. Hindi ito dapat kalilimutan."
*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Muli, ang ating Event team ay lumikha ng espesyal na pagkakataon para makilala at ipagdiwang ng

bawat isa ang Araw ng Paggunita kasama ang Royal Canadian Legion. Ang seremonya na ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa lahat na magbigay ng pasasalamat sa ating mga beterano."
- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca